

PH-EITI

Philippine Extractive Industries Transparency Initiative



PH-EITI PRAYMER



Ano ang EITI

KABUUANG-TANAW

Ang EITI ay isang pandaigdigang pamantayan para sa transparent o bukas-sa-madla na pamamahala ng pagmimina ng mga likas na yaman. Ang patakarang ito ay umoobliga sa mga minahan at mga kompanya ng langis at gas na ilathala ang mga binabayaran nila sa gobyerno; at umoobliga rin sa mga bansa na ilathala ang mga nakokolekta ng gobyerno mula sa mga nasabing kompanya. Ang inisyatibong EITI ay naglalayong hikayatin ang mga bansa na maging bukas-sa-madla sa pag-uulat ng mga benepisyo mula sa mga likas na yaman ng bansa. Sa paglalathala ng mga impormasyon tungkol sa mga bayarin at kita, layon ng EITI na harapin ang isang balintunang kalagayan - ang hindi paglago ng ekonomiya ng mga bansang sagana sa likas na yaman.

Ang EITI ay naniniwala sa kahalagahan ng mahusay at masinop na pamamahala ng mga likas na yaman. Ang likas na yaman ay pag-aari ng mamamayan, at karapatan nilang malaman kung paano ito pinamamahalaan.

KABUUANG TANAW SA PAMANTAYAN NG EITI

Mga lisensya at kontrata Pagmomonitor sa produksyon Pagkolekta ng buwis Distribusyon ng kita Pamamahala ng mga gastusin



Impormasyon sa paglilisensya

Pag-aari ng estado

Paghikayat na maging hayag-sa-madla ang kontrata

Paghikayat sa kapaki-pakinabang na pagmamay-ari

Mga datos sa produksyon

Paghikayat sa transit payment o pagbabayad

PAGSISIWALAT NG MGA KUMpanyA SA KANILANG BAYARIN



PAGBUBUKAS NG GOBERNO SA MGA RESIBO



Mga paglipat sa mga lokal na pamahalaan

Panlipunan at pang-imprastruktura na pamumuhunan

Mga negosyong pag-aari ng estado



Isang pambansang grupong multi-stakeholder (gobyerno, industriya, at lipunang sibil) na napapasya kung paano dapat gumalaw ang proseso ng kanilang EITI.



Ang mga rebenyu o kita ng gobyerno at mga binayaran ng mga kumpanya ay bukas sa madla at independyenteng tinatasa sa ulat ng EITI.



Ang mga resulta ay itinatalastas upang magkaroon ng kaalaman ang madla at makapag-diskusyon sila kung paano mas mahusay na mapapamahalaan ng bansa ang likas na yaman.



Nakasandig ang mga pamantayan ng EITI sa tatlong haligi:

1

Lahat ng kita mula sa industriya ng pagmimina ay dapat regular na ilathala at isailalim sa independyenteng beripikasyon;

2

Ang paglalathala ng mga datos ay dapat pangasiwaan ng Multi-stakeholder Group (MSG) o grupong binubuo ng mga kinatawan ng gobyerno, industriya ng langis, gasolina, at pagmimina, at ng lipunang sibil; at

3

Ang mga datos ay dapat ibahagi sa mamamayan upang magkaroon ng matalino at malayang talakayan tungkol sa pamamahala ng mga likas na yaman ng bansa.

Isinusulong ang isang praktikal na paraan ng pagrereport ng datos kung saan nagtutulong-tulong ang mga miyembro ng MSG upang makagawa ng isang ulat-bansa na masaklaw, malinaw, at sumasagot sa mga sumusunod na katanungan:

?

Magkano ang totoong nakukuha ng gobyerno mula sa industriya ng langis, gasolina at pagmimina?

?

Magkano ang totoong ibinabayad ng industriya sa gobyerno?

?

Anu-ano ang mga kakulangan sa sistema at paano mas maisusulong ang pagiging bukas-sa-madla ng industriya ng langis, gasolina at pag-mimina

MGA PAKINABANG SA PAGPAPATUPAD NG EITI

Gobyerno

Nakikinabang ang mga gobyerno mula sa pagsunod sa pandaigdigang pamantayan ng pagiging bukas-samadla na nagpapakita ng komitment nito sa reporma at pagsugpo ng katiwalian at korapsyon. Mas napabubuti din nito ang proseso ng pagkolekta ng buwis at napaiigting ang tiwala ng mamayan sa sektor ng langis, gasolina, at pagmimina



Industriya

Nakikinabang ang mga kumpanya sa patas na kompetisyon sa industriya kung saan lahat ay kailangang maghayag ng pare-parehong uri ng impormasyon. Nakikinabang rin ang mga kompanya mula sa mas pinabuti at mas matatag na kalagayan ng pamumuhunan sapagkat dahil dito mas mabisa nilang nakakasalamuha at nailalahok ang mga mamamayan at sambayanan.

Mamamayan at Lipunang Sibil

Nakikinabang ang mamamayan at sambayanan sa pagkakaroon ng tamang impormasyon tungkol sa sektor at sa pagkakaroon ng multi-stakeholder na plataporma kung saan mas mabisa nilang mapapanagot ang pamahalaan at ang mga kompanya.



SINU-SINO ANG MGA KALAHOK SA PROSESO NG EITI?

Ang EITI ay nasa pamamahala ng pandaigdigang lupon na pinamumunuan ng isang taga-pangulo at dalawampung (20) miyembro na kumakatawan sa mga bansang nagpapatupad ng EITI, mga bansang sumusuporta dito, mga organisasyon sa lipunang sibil, mga kompanya at mga namumuhunan.

Ang lupon ng EITI ay sinusuportahan ng international secretariat na kumikilos ayon sa batas ng Norway. Suportado ng pandaigdigang kumunidad ang pagpapatupad ng EITI –sa paraang bilateral at sa pamamagitan ng EITI Multi-Donor Trust Fund na pinamamahalaan ng World Bank.

Sa bawat bansa na nagpapatupad ng EITI, ang EITI ay pinamamahalaan ng Multi-stakeholder Group (MSG) na binubuo ng mga kinatawan mula sa pamahalaan, industriya ng langis, gasolina, at pagmimina, at lipunang sibil. Ang grupong ito ang nagtatakda ng direksyon sa pagpapatupad ng EITI sa pamamagitan ng paglikha ng mga pambansang layunin, pagpapalahok sa mga stakeholder, paglikha at pagsasagawa ng mga plano, paglalathala ng ulat ng EITI sa bansa, at pagmumungkahi ng mga reporma batay sa mga natuklasan ulat ng EITI.

PAANO PINATATAKBO ANG EITI

Ang isang bansang bagong pasok sa EITI ay tinatanggap muna bilang isang kandidatong kasapi.



1 8 m o n t h s

Kandidatong Kasapi

Pumunta sa pahina 7 para sa detalye



Paglalatha ng Ulat

Paglipas ng 18 buwan mula sa pagpasok sa EITI, ang kandidatong bansa ay maglalathala ng ulat tungkol sa extractive sector.

Isang Independent Administrator (IA) ang sumusuri at tumutukoy sa mga bagay na hindi nagtutugma sa ulat.



Proseso ng Validation

Kasunod ng paglalathala ng ulat, ang kandidatong bansa ay sasailalim sa proseso ng validation. Dito malalaman kung ang pagpapatupad ng EITI sa bansa ay ayon sa pamantayan ng pagdaigdigang EITI.

Pagpapakalat ng Ulat

Matapos ilathala, ang ulat ay ipinamamahagi upang lumikha ng pampublikong debate at mas mapabuti ang pag-unawa ng mamamayan kung paano dapat pamahalaan ang kanilang likas na yaman.



Kung makikita ng Pandaigdigang Lupon na ang kandidatong bansa ay nakasunod sa mga rekisitos, ang nasabing bansa ay idedeklarang compliant at sasailalim sa validation tuwing ikatlong taon.

Ang ulat ng EITI ay naglalaman ng mga sumusunod na impormasyon:

- Mga impormasyon tungkol sa industriya ng langis, gasolina, at pagmimina sa kasalukuyang konteksto;
- Mga binabayaran ng sektor ng langis, gasolina, at pagmimina ayon sa ulat ng mga kompanya at ng pamahalan;
- Pagtukoy sa mga hindi nagtutugmang datos at paliwanag kung bakit magkakaiba ang mga iniulat na mga numero at halaga; at
- Mga mungkahi kung paano haharapin ang mga problemang tinukoy sa ulat.

MGA PAMANTAYAN EITI



1. Mabisang pamamahala ng multi-stakeholder group (MSG).
2. Tamang panahon ng paglalathala ng mga ulat ng EITI.
3. Ang mga ulat ng EITI ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa industriya ng langis, gasolina, at pagmimina.
4. Paglalabas ng mga komprehensibong ulat ng EITI na naglalaman ng ganap na pagsisiwalat ng gobyerno ng mga kinikita ng industriya ng langis, gasolina, at pagmimina, at pagsisiwalat ng lahat ng pinagbayaran sa gobyerno ng mga kompanya ng langis, gasolina, at pagmimina.
5. Kapani-paniwalang proseso ng pagbibigay kasiguruhan, isang proseso na ginagamitan ng mga pandaigdigang pamantayan.
6. Mga ulat ng EITI na madaling maunawaan, aktibong napapalaganap, madaling makuha ng publiko, at nakatutulong sa debateng pang-madla.
7. Ang grupong multi-stakeholder ay gumagawa ng mga hakbang upang magamit ang mga natutunang aral at repasuhin ang mga kinalabasan at bias ng pagpapatupad ng EITI.



Kung makikita ng Pandaigdigang Lupon na ang kandidatong bansa ay nakasunod sa mga rekisitos, ang nasabing bansa ay idedeklarang compliant at sasailalim sa validation tuwing ikatlong taon.

Ang isang bansa ay maaring maging kandidatong kasapi ng EITI nang hindi hihigit sa limang taon mula nang ito ay makapasok sa EITI. Kung hindi makakamit ng isang bansa ang pagiging compliant sa loob ng tatlo at kalahating taon, ituturing itong suspendido habang nagsasagawa ito ng mga pagwawasto. Maaaring bawiin ng Lupon ang pagiging kandidatong kasapi ng bansa kung lumabis na ang panahon ng pagiging kandidato nito, at kung batay sa validation ay wala pa rin itong pag-unlad sa pagsunod sa mga rekisitos na itinatakda ng pamantayan ng EITI.



ANG PAGPAPATUPAD NG EITI SA PILIPINAS

Nagpahayag ang Pilipinas ng komitment na lumahok sa EITI sa pamamagitan ng Executive Order (EO) No. 79 at EO 147. Ang huling inilabas na kautusan ng Pangulo ng Pilipinas ay pormal na nagtatag ng Multi-Stakeholder Group (MSG) para sa EITI Pilipinas at naglatag ng mga rekisitos upang ipatupad ang EITI. Ang MSG ay binigyan ng tungkulin na tiyakin ang tuloy-tuloy na komitment ng Pilipinas sa EITI, itakda ang direksyon sa pagpapatupad ng EITI, tanggalin ang mga balakid sa pagpapatupad ng EITI, itakda ang saklaw ng proseso ng EITI, at tiyakin na ang inisyatiba ay nakaayon sa panrepormang agenda ng gobyerno.

Ang PH-EITI Multi-stakeholder Group (MSG)

Ang MSG ng EITI sa Pilipinas ay binubuo ng mga kinatawan mula sa pamahalaan, industriya ng langis, gasolina at pagmimina, at lipunang sibil. Ang mga sumusunod ang kumakatawan sa pamahalaan ng Pilipinas:

- Department of Finance (Kagawaran ng Pananalapi)
- Department of Environment and Natural Resources – Mines and Geosciences Bureau (Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman)
- Department of Energy (Kagawaran ng Enerhiya)
- Department of the Interior and Local Government (Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal)
- Union of Local Authorities of the Philippines

Ang lipunang sibil ay pangunahing kinakatawan ng Bantay Kita, isang malawak na koalisyon ng mga kapisanang nagtataguyod ng transparency at pananagutan.

Ang industriya ng langis, gasolina at pagmimina ay kinakatawan ng Petroleum Association of the Philippines (PAP), Chamber of Mines of the Philippines (COMP), at isang inihalal na kinatawan mula sa mga hindi miyembro ng Chamber.

Ang MSG ay sinusuportahan ng Technical Working Group (TWG) at isang sekretariat na nasa ilalim ng Kagawaran ng Pananalapi (Department of Finance) na siyang nagpapatupad ng mga direktiba ng MSG.

BAKIT NAGPAPATUPAD NG EITI ANG PILIPINAS?

Ang Pilipinas ay tinanggap ng Pandaigdigang Lupon ng EITI bilang kandidatong bansa noong ika-22 ng Mayo, 2013 nang idaos ang EITI Global Conference sa Sydney, Australia. Kasunod nito, matapos pag-aralan ang mga pangunahing isyu sa pamamahala ng likas na yaman ng bansa, tinukoy naman ng MSG ng Pilipinas ang mga layunin sa pagpapatupad nito ng EITI.

Sa pagkonsulta sa pamahalaan, sa mga industriya, at sa mga kinatawan ng mga organisasyon, natuklasan ng MSG na dapat harapin at bigyang kalutasan ang sumusunod na mga pangunahing isyu:

- Ang pangangailangang magkaroon ng transparency at pananagutan sa industriya ng langis, gasolina, at pagmimina;
- Ang magkakasalungat na mga batas at pamamahala ng pera pagdating sa industriya ng langis, gasolina, at pagmimina;
- Kawalan ng o magkasalungat na impormasyon tungkol sa mga binayarang buwis at benepisyong natatanggap ng komunidad mula sa industriya ng langis, gasolina, at pagmimina;
- Ang pangangailangan ng mas mahigpit na pagpapatupad ng batas upang ma-regulate ang maliliit na minahan, at mahinto ang ilegal na pagmimina at ang operasyon ng mga mapaglinlang na negosyante sa industriya;
- Hindi malinaw na hatian sa kita ng nasyonal at mga lokal na pamahalaan;
- Kakulangan sa kaalaman o pag-unawa kung paano gumagalaw ang industriya ng langis, gasolina at pagmimina; at
- Hindi pagkakasundo ng mga stakeholder.



Batay sa mga isyung nabanggit, ang MSG ay nagkaroon ng diskusyon kung paano malulutas ng pagpapatupad ng EITI ang mga nasabing isyu gamit ang mga impormasyon at panuntunang iminumungkahi ng bagong pamantayan ng EITI. Mula dito, natukoy ng MSG ang mga ekspektasyon nito sa EITI, tulad ng mga sumusunod:

- Makabuo ng tiwala sa hanay ng mga stakeholder;
- Padaliin ang paglalabas ng mga napapanahon at maaasahang datos na pwedeng magamit na batayan sa paglikha ng mga polisiya;
- Makapagbigay ng plataporma para sa matalinong diskusyon at pag-uusap para sa mas mahusay na pamamahala ng likas na yaman;
- Gawing patas ang larangan para sa lahat sa industriya;
- Pagkakaroon ng kakayahayang maimpluwensyahan ang kung saan gagamitin ang kita ng pamahalaan;
- Pagbibigay kapangyarihan sa mamamayan; at
- Pagtataguyod sa transparency at sa mga pananagutan.



MGA IMPORTANTENG RESULTA SA PROSESO NG EITI

- Taunang paglalathala ng ulat ng EITI.
- Plataporma ng diyalogo para sa gobyerno, lipunang sibil, at industriya ng langis, gasolina, at pagmimina.
- Mga mungkahing polisiya at reporma upang mapaunlad ang pamamahala sa sektor ng langis, gasolina, at pagmimina.
- Mas hayag-sa-madla na pangongolekta ng mga buwis at paggastos nito.
- Mas mataas na kamalayan ng mga tao, dahil sa mga debateng pangmadla o pampublikong diskurso ukol sa mga isyu sa pamamahala sa likas na yaman.

Dagdagan ang iyong kaalamam
tungkol sa EITI

Website: www.pheiti.dof.gov.ph

Email Address: pheiti@dof.gov.ph

Facebook: [PhilippineEITI](#)

Telephone Number: +632 8525 0497

Address: 5th Floor, DOF Building, BSP Complex,
Roxas Boulevard, Manila 1004 Philippines

